

Core Humanitarian
STANDARD

Batayang Pamantayang
Humanitarian sa Kalidad
at Pananagutan

Inilathala ng: Groupe URD, HAP International, People In Aid at ng Sphere Project.

Unang edisyon: 2014

ISBN: 978-2-8399-1564-9

© Lahat ng karapatang-ari. Ang may karapatan sa pag-aari ng materyal na nilalaman nito ay ang Groupe URD, HAP International, People In Aid at ang Sphere Project. Maaari itong paramihin sa layuning pang-edukasyon, kabilang ang pagsasanay, pananaliksik at mga pamprogramang gawain, sa kondisyong kikilalanin ang Batayang Pamantayang Humanitarian sa Kalidad at Pananagutan. Kung isasalin o hahalawin ang kabuuan o anumang bahagi ng Batayang Pamantayang Humanitarian sa Kalidad at Pananagutan, kinakailangang humingi muna ng pahintulot sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa info@corehumanitarianstandard.org.

Paunang Salita

Ang Batayang Pamantayang Humanitarian sa Kalidad at Pananagutan (BPH) ay direktang resulta ng *Joint Standards Initiative (JSI)*, na nakipagtulungan ang *Humanitarian Accountability Partnership (HAP) International*, *People in Aid* at *Sphere Project* upang magkaroon ng consistency at kalinawan (*coherence*) sa mga gumagamit ng mga pamantayang humanitarian.

Komunsulta ang JSI sa higit 2,000 humanitarian workers mula sa mga punong tanggapan, mga rehiyon at sa mga bansang madalas na nakakaranas ng disaster. Tumampok sa *feedback* ang pangangailangang magkaroon ng magkakatumang pamantayan na kumikilala na ang mga komunidad at ang mamamayang apektado ng krisis ang sentro at ang mga prinsipiyong humanitarian ang pundasyon.

Ang BPH ay bunga ng 12 buwan, tatlong yugtong konsultasyon, kung saan ang mga humanitarian workers, mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis, ilang daang *Non-Government Organisations (NGO's)* at mga *networks*, mga pamahalaan, *United Nations* at mga ahensyang nagbibigay donasyon, at akademya ay masigasig na sinuri ang nilalaman ng BPH at sinubok ito sa mga *headquarters* at larangan.

Isinaalang-alang ang mga *feedback* mula sa bawat konsultasyon at inaprubahan ang mga rebisyon ng 65-kataong *Technical Advisory Group* na kumakatawan sa malawak na bahagi ng mamamayan at sa mga dalubhasang teknikal sa aksyong humanitarian at pagpapaunlad ng pamantayan.

Nais ng mga nasa pamunuan ng *HAP International*, *People in Aid* at ng *Sphere Project* na ipalit ang BPH sa 2010 *HAP Standard in Accountability and Quality*, sa *People In Aid Code of Good Practice in the Management and Support of Aid Personnel* at sa *Core Standards section of the Sphere Handbook*.

Pagkilala

Pasasalamat sa daan-daang organisasyon¹ at indibidwal na lumahok sa pagbubuo ng BPH, sa pagbibigay ng *feedback* sa mga burador, sa pagsusubok na gamitin ito sa kani-kanilang organisasyon, o sa pakikilahok sa isa sa mga grupong nangasiwa sa proseso ng konsultasyon tungkol sa BPH. Nakatutuwa ang pakikibahagi ng iba't ibang komunidad at mamamayang apektado ng krisis sa proseso ng konsultasyon at pagsubok.

¹ Makikita ang buong listahan ng mga organisasyong sumubok sa BPH (CHS) sa www.corehumanitarianstandard.org

Sa layuning pag-isahin ang mga pamantayan, tinulungan ng *Groupe URD* ang *HAP International*, *People In Aid* at ang *Sphere Project* sa pagkumbina ng *Quality COMPAS reference framework* sa BPH. Responsableng nangasiwa ang *BPH Technical Advisory Group* at ang kanyang *sub-group*, ang *Technical Steering Committee*, sa proseso ng konsultasyon at huling aprubal ng BPH. Naatasan ang *BPH Writing Group* na magrebisa sa BPH at siyang nagsama ng mga *feedback* na tinanggap mula sa bawat yugto ng konsultasyon.

Para matiyak na ang natamong resulta ay *inclusive*, kumakatawan sa karamihan at obhetibo, ang proseso ng konsultasyon para sa BPH ay ginampanan lamang ng *WolfGroup Consultants*.

Makikita ang buong listahan ng mga kasapi ng *Technical Advisory Group*, ang *Technical Steering Group* at ang *Writing Group* sa www.corehumanitarianstandard.org. Hindi magiging posible ang konsultasyon tungkol sa BPH kung hindi sila walang sawang sumuporta.

Bukas-palad na tinutustusan ang proseso ng pagbubuo ng Batayang Pamantayang Humanitarian ng core and project funding mula sa mga sumusunod na mga donors: *Australian Government Department of Foreign Affairs and Trade*; *Catholic Agency for Overseas Development (CAFOD)*; *Ministry of Foreign Affairs of Denmark (Danida)*; *Foreign Office of the Federal Republic of Germany*; *Irish Aid*; *Swedish International Development Cooperation Agency*; ang *Swiss Agency for Development and Cooperation*; *UK Aid* mula sa *UK Government*; at ang *United States Government*.

Nais ring pasalamatan ng *HAP International*, *People In Aid* at ng *Sphere Project* ang mga sumusunod na *board members* sa kanilang kontribusyong pinansyal sa proseso ng pagbubuo ng BPH: *ACT Alliance*; *ActionAid International*; *Aktion Deutschland Hilft*; *British Red Cross*; *Catholic Agency for Overseas Development (CAFOD)*; *CARE International*; *Christian Aid*; *Community World Service Asia*; *DanChurchAid*; *The Lutheran World Federation*; *Save the Children International*; *Save the Children US*; at *World Vision International*.

Feedback

Malugod na tinatanggap ang mga komento at katanungan, anumang oras, sa info@corehumanitarianstandard.org.

Pagbabalik-tanaw

Matutugunan ang lahat ng mga tinanggap na komento sa pagrerebisa ng BPH na isasagawa bago Disyembre 2019.

Kung nais makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Batayang Pamantayang Humanitarian at iba pang kaugnay na mga dokumento, bisitahin ang www.corehumanitarianstandard.org.

Dapat tandaan hinggil sa pagsasalin ng teksto

Ang Batayang Pamantayang Humanitarian ay maaaring mabasa sa Arabic, Pranses at Espanyol. Kung nais ninyong isalin ang BPH sa iba pang wika, makipag-ugnayan sa info@corehumanitarianstandard.org para sa gabay sa pagsasalin. Libreng mababasa ang lahat ng salin sa www.corehumanitarianstandard.org.

Kaugnay na mga materyales

Ang mga gabay at *tools* para suportahan ang aplikasyon ng BPH ay libreng mababasa sa www.corehumanitarianstandard.org.

Talaan ng Nilalaman

i.	Introduksyon	2 - 5
ii.	Estruktura ng Batayang Pamantayang Humanitarian sa Kalidad at Pananagutan (BPH)	6
iii.	Aplikasyon ng BPH	7
iv.	Mga <i>claims</i>	8
v.	Prinsipyadong Aksyong Humanitarian	9
vi.	Ang Siyam na Pamantayan sa Komitment at Kalidad	11 - 12
vii.	Mga Komitment, Aksyon at Tungkulin	13 - 22
	1. Tumatanggap ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis ng angkop na tulong na nakakatugon sa kanilang pangangailangan.	13
	2. May akses ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis sa napapanahong mga pangangailangang tulong humanitarian.	14
	3. Bunga ng mga aksyong humanitarian, ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis ay hindi negatibong naapektuhan at mas handa, mas matatag at mas mababa ang risiko.	15
	4. Alam ng mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis ang kanilang mga karapatan at pribilehiyo, may akses sila sa impormasyon at lumalahok sa mga pagdedesisyon sa mga bagay na apektado sila.	17
	5. May akses ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis sa ligtas at nakakatugong mekanismo ng pagpoproseso ng reklamo.	18
	6. Nakakatanggap ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis ng koordinado at magkakatugmang tulong.	19
	7. Makakaasang tatanggap ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis ng pinahusay na tulong habang ang mga organisasyon ay natututo mula sa karanasan at repleksyon.	20
	8. Nakakatanggap ng kailangang tulong ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis mula sa mga <i>staff</i> at <i>volunteers</i> na mahusay na napangangasiwaan.	21
	9. Makakaasa ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis na ang mga organisasyong tumutulong sa kanila ay epektibo, mahusay, at disentang pinamamahalaan ang mga rekurso.	22
viii.	Glosaryo	23 - 24

Batayang Pamantayang Humanitarian sa Kalidad at Pananagutan

i. Introduksyon

Araw-araw, sa buong mundo, hindi mabilang na mga tao, mula sa iba't ibang pinagmulan, ang nagnanais na tumugon sa kagyat na pangangailangan ng kapwa—ang kagustuhang labanan at maibsan ang paghihirap ng iba saan man ito nangyayari.

Ang Batayang Pamantayang Humanitarian sa Kalidad at Pananagutan (BPH) ay naglatag ng Siyam na Komitment na maaaring sundin ng mga organisasyon at indibidwal na kasangkot sa pagtugong humanitarian, upang pagbutihin ang kalidad at bisa ng tulong na kanilang ibinibigay.

Pinadadaloy din nito ang higit na pananagutan sa mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis: ang pagkaalam kung ano ang komitment ng mga organisasyong humanitarian ay nakatutulong sa komunidad at mamamayang apektado ng krisis na masingil ang mga organisasyong ito sa kanilang pananagutan.

Inilalagay ng BPH ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis sa sentro ng aksyong humanitarian at itinataguyod ang pagrespeto sa kanilang batayang karapatang pantao. Nakasalig ito sa karapatang mabuhay nang may dignidad at sa karapatan sa proteksyon at seguridad na nakasaad sa Internasyunal na batas na naayon sa *International Bill of Human Rights*²

² Kabilang sa *International Bill of Rights* ang *Universal Declaration of Human Rights*, ang *International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights*, at ang *International Covenant on Civil and Political Rights* at mga kaakibat na mga *Optional Protocols*.


Bilang batayang pamantayan, inilalarawan sa BPH ang mga susing prinsipyo, responsable, at de-kalidad na aksyong humanitarian. Magagamit ito ng mga organisasyong humanitarian bilang boluntaryong gabay, na maiaangkop nila ang kanilang internal na mga proseso. Magagamit din ito bilang batayan ng beripikasyon ng *performance*, na ang isang tiyak na balangkas at mga kaugnay na *indicators* ay napaunlad na, upang masiguro ang kaangkupan nito sa iba't ibang tipo at konteksto ng organisasyon.

Ang BPH ay maaaring ipakilala at ipatupad ng mga indibidwal, organisasyon, *coordinating bodies*, *consortia* at iba pang grupong nagsasagawa at nagsusulong sa aksyong humanitarian. Bagaman pangunahing idinisenyo para sa sektor ng humanitarian, magagamit ang BPH ng anumang organisasyon para pahasayin ang kalidad at higit na pananagutan sa lahat ng aspeto ng kanilang gawain sa mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis.

Bunga ang BPH ng isang pandaigdigang proseso ng konsultasyon. Pinagsama nito ang mga susing elemento ng umiiral na mga pamantayang humanitarian at komitment. Kabilang ang mga sumusunod, pero hindi limitado sa mga ito lamang:

- Ang *Code of Conduct for The International Red Cross and Red Crescent Movement and NGOs in Disaster Relief*;
- Ang *2010 HAP Standard in Accountability and Quality Management*;
- Ang *People In Aid Code of Good Practice in the Management and Support of Aid Personnel*;
- Ang *Sphere Handbook Core Standards and the Humanitarian Charter*;
- Ang *Quality COMPAS*;
- Ang *Inter-Agency Standing Committee Commitments on Accountability to Affected People/Populations (CAAPs)*; at
- Ang *Organisation for Economic Co-operation and Development's (OECD) Development Assistance Committee (DAC) Criteria for Evaluating Development and Humanitarian Assistance*.

Batayang Makataong Pamantayan sa Kalidad at Pananagutan



ii. Estruktura ng Batayang Makataong Pamantayan

Binubuo ng Siyam na Komitment ang BPH para sa mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis na nagsasaad ng mga dapat asahan sa mga organisasyon at indibidwal na nagbibigay ng tulong humanitarian. Sinususugan ang bawat komitment ng isang Pamantayan sa Kalidad na nagpapaliwanag kung paano dapat gumampan ang mga organisasyong humanitarian at staff upang maabot nila ang pamantayan. Nakabalangkas ang BPH sa mga sumusunod:

- Ang Siyam na Komitment;
- Karagdagang Pamantayan tungkol sa Kalidad;
- Mga Susing Aksyon na kailangang panghawakan upang matupad ang mga Komitment.
- Mga Organisasyonal na Tungkulin na susuporta sa konsistent at sistematikong pagpapatupad ng Mga Susing Aksyon sa kabuuan ng organisasyon.

Inilalarawan ng Mga Susing Aksyon at Mga Organisasyonal na Tungkulin ang:

- mga dapat gawin ng *staff* na nakalahok sa aksyong humanitarian upang tuloy-tuloy na makapagbigay ng de-kalidad na programa at magkaroon ng pananagutan sa kanilang mga tinutulungan; at,
- nakatakdang polisiya, proseso at sistema ng mga organisasyong kalahok sa aksyong humanitarian na nagtitiyak na ang kanilang mga *staff* ay nakapagbibigay ng de-kalidad at may pananagutang makataong pagtulong.

Sa huling bahagi ng dokumentong ito, nakapaloob ang glosaryo ng mga terminong ginamit sa BMP na may tiyak na kahulugan.

iii. Pagpapatupad sa BMP

Layunin ng mga organisasyong nagkokomit sa BPH na maisakatuparan ang Siyam na Komitment. Sa minimum, inaasahang patuloy nilang pauunlarin ang kanilang mga sistema, estruktura at praktika para walang humpay na mapagbuti ang kalidad at pananagutan sa kanilang pagtugong humanitarian. Gayunpaman, magkakaiba ang mga organisasyon at indibidwal na kalahok sa aksyong humanitarian. Kinakailangan nilang napapanahong kumilos at iayon ang kanilang mga aksyon sa mga kapasidad at mandato ng kanilang organisasyon, maging sa yugto at kalagayan ng krisis na kanilang kinalalagyan.

Kapag magkakaproblema ang organisasyon sa pagtupad sa Siyam na Komitment, kailangan nilang kilalanin at isaalang-alang kung paano pakikitunguhan ang mga isyung sumasagka sa katuparan ng mga ito. Kailangang natututo ang mga organisasyon at nagpapaunlad ng mga pamamaraan sa ganitong mga sitwasyon, upang mapangibabawan ang mga balakid na kanilang kakaharapin.

Ang alinmang pagsusuri ng aplikasyon ng BPH ay dapat nakabatay sa antas ng pagpapatupad sa Siyam na Komitment ng alinmang organisasyon at hindi lamang sa simpleng pagtitiyak kung ang Mga Susing Aksyon ay naipatupad at/o ang Mga Organisasyonal na Tungkulin ay naisagawa. Kung gayon kinakailangang maisakonteksto ang Mga Susing Aksyong hinihingi ng BPH.

Aplikable ang BPH sa mga organisasyon at indibidwal na:

- direktang nagbibigay-tulong sa mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis;
- nagbibigay ng suportang pinansyal, materyal o teknikal sa iba pang organisasyon, ngunit hindi direktang nakikibahagi sa pagtulong; o,
- gumagamit ng parehong pamamaraan.

Dinisenyo ang BPH para magamit sa iba't ibang paraan ng mga kalahok sa aksyong humanitarian at, bilang paraan, upang:

- padaluyin ang higit na pananagutan sa komunidad at sa mamamayang apektado ng krisis, at paunlarin ang kalidad ng serbisyong ibinibigay sa kanila;
- bumuo ng *workplans* para sa progresibong pagpapatupad at tuloy-tuloy na pagpapaunlad ng BPH;
- subaybayan ang kalidad at pananagutan, gamit ang BPH bilang balangkas para suportahan ang umiiral na pamantayang organisasyunal at teknikal;
- tasahin ang sarili at paunlarin ang kalidad ng mga programa;
- tiyakin at/o patunayan ang pagtalima, at ipakita ang pagtalimang ito sa iba; at,
- tasahin, saanman kailangan, kung gaano kahusay ang mga internal na mga proseso at suporta sa mga *staff* para maisagawa ang mga aksyon at organisasyonal na tungkuling nakalatag sa BPH.

Mahalagang itaguyod ang BPH ng mga organisasyong gagamit nito, sa loob at labas man ng kanilang organisasyon.

Mahalagang ipaliwanag ng mga organisasyong kabilang sa partnership ang kanilang komitment sa BPH, sikaping intindihin kung ano ang pagtanggap sa Siyam na Komitment ng kanilang mga *partner*³, at gawin ang lahat upang makatuwang sila sa pagpapatupad ng mga komitment ng BPH.

iv. Claims

Hinihikayat ang sinumang indibidwal o kahit anong organisasyong kabilang sa aksyong humanitarian na gamitin at halawin ang BPH at maaari nilang sabihing: “kami ay kumikilos patungo sa pagsasapraktika ng BPH.” Maaari lamang sabihin ng mga organisasyon na sila ay nakakatupad na sa BPH kung sila ay nakaranas nang sumailalim sa obhetibong beripikasyon.

³ Tingnan ang kahulugan sa glosaryo.

v. Prinsipyadong Aksyong Humanitarian

Ang mamamayan ang nasa puso ng humanitarian na pagkilos. Ang pangunahing motibasyon ng kahit na anong pagtugon sa krisis ay makasagip ng buhay, mabawasan ang paghihirap ng tao at masuportahan ang karapatang mabuhay nang may dignidad.

Kinikilala ng mga organisasyong humanitarian na ang mahigpit na pangangailangan sa tulong humanitarian ay napakahalaga at kung gayon ay dapat sikaping magbigay ng tulong humanitarian saanman ito kailangan.

Ginagabayan ang aksyong humanitarian ng apat na prinsipyong⁴ tanggap ng nakararami:

- **Sangkatauhan:** Dapat na tugunan ang paghihirap ng tao saanman ito matatagpuan. Ang layunin ng aksyong humanitarian ay protektahan ang buhay at kalusugan at tiyakin ang paggalang sa tao.
- **Walang-pinapanigan:** Kinakailangang ipatupad ang mga aksyong humanitarian batay lamang sa pangangailangan, na binibigyang priyoridad ang pinakamalalang kaso ng kahirapan, na hindi nagtatangi ayon sa nasyonalidad, lahi, kasarian, relihiyon, uri, o opinyong politikal.
- **Kalayaan:** Kinakailangang malaya ang aksyong humanitarian mula sa politikal, pang-ekonomiya, militar at iba pang pakay kaugnay ng mga lugar kung saan isinasagawa ito.
- **Neutralidad:** Kinakailangang hindi kumakampi ang *humanitarian actors* sa mga labanan o nakikisali sa mga kontrobersiyang kaugnay sa pulitika, lahi, relihiyon o may katangiang ideolohikal⁵

Ang prinsipyong humanitarian ang siyang pinakaubod ng gawaing humanitarian.

Ginagabayan ng mga ito ang aksyong humanitarian at ang pagpapatupad nito ay mahalaga sa pagkakatangi ng gawaing humanitarian sa iba pang anyo ng gawain at aksyon. Nakapaloob sa BPH, ang apat na prinsipyong ito sa mga Komitment, Pamantayang Pangkalidad, Mga Susing Aksyon at Mga Organisasyon na Tungkulin.

⁴ Hinango ang mga Prinsipyong Pangsangkatauhan, Walang-Pinapanigan, Kalayaan at Neutralidad sa mga pundamental na prinsipyo ng *International Red Cross at Red Crescent Movement* na inihayag sa Vienna noong 1965 sa ika-20ng kumperensyang internasyunal ng *Red Cross at Red Crescent; United Nations (UN) General Assembly Resolution 46/182*, Disyembre 19, 1991 at *UN General Assembly Resolution 58/114*, 5 Pebrero 2004.

⁵ Habang may pananagutan sa pagbibigay tulong na walang pinapanigan at hindi kumakampi sa kanino mang panig ng labanan, ang ilang mga organisasyon ay hindi itinuturing na ang prinsipyo ng Neutralidad ay sumasagka sa gawaing adbokasiya sa mga isyung kaugnay ng pananagutan at katarungan.

Itinatakda ng *International Humanitarian Law*, *International Human Rights Law* at *International Refugee Law* ang mga legal na pamantayan kaugnay ng proteksyon ng mga indibidwal at grupo, at ang katangian ng tulong na maaaring ibigay sa kanila. Binubuod ng *Sphere Humanitarian Charter* ang mga batayang prinsipyong legal na pinakamahalaga sa kapakanan ng mga apektado ng disaster at labanan.

Kinikilala ng mga gumagampan ng BPH na pangunahing tungkulin ng mga estado at kaugnay na awtoridad na pangalagaan at tulungan ang mga apektado ng mga kalamidad at armadong labanan sa loob ng kanilang mga teritoryo. Hindi dapat sinasagkaan ng aksyong humanitarian ang mga tungkuling ito; bagkus, kapag possible, dapat na nagkakatugma ang mga ito.

vi. Ang Siyam na Komitment at Pamantayang Pangkalidad



1. Makakatanggap ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis ng tulong na angkop at nakakatugon sa kanilang pangangailangan.

Pamantayang Pangkalidad: Angkop at mahalaga ang pagtugong humanitarian.



2. May akses sa napapanahong pagtulong humanitarian ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis.

Pamantayang Pangkalidad: Ang pagtugong humanitarian ay epektibo at napapanahon.



3. Ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis ay hindi negatibong maapektuhan; mas handa, mas matatag at mas bumaba ang risiko bilang resulta ng mga aksyong humanitarian.

Pamantayang Pangkalidad: Pinalalakas ng mga pagtugong humanitarian ang lokal na kapasidad at naiiwasan ang mga negatibong epekto ng krisis.



4. Alam ng komunidad at mamamayang apektado ng krisis ang kanilang mga karapatang dapat tinatamasa, may akses sa impormasyon at lumalahok sa mga pagdedesisyon sa mga bagay na may kinalaman sa kanila.

Pamantayang Pangkalidad: Nakabatay ang pagtugong humanitarian sa komunikasyon, participation at feedback.



5. May akses sa ligtas at sa mekanismong kaagad na sumasagot sa mga reklamo ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis.

Pamantayang Pangkalidad: Tinatatanggap at inaaksyunan ang mga reklamo.



6. Nakakatanggap ng koordinado at magkakatugmang tulong ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis.

Pamantayang Pangkalidad: Koordinado at magkakatugma ang mga makataong pagtugon.



7. Makakaasang tatanggap ng napahusay na tulong ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis at natututo mula sa karanasan at repleksyon.

Pamantayang Pangkalidad: Patuloy na natututo at umuunlad ang mga nagbibigay ng tugong humanitarian.



8. Makakatanggap ng tulong na kailangan nila ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis mula sa mga magagaling at mahuhusay na napapangasiwaang mga *staff at volunteer*.

Pamantayang Pangkalidad: Sinusuportahan ang staff upang mabisang matupad ang kanilang gawain; at sila ay tinatrato nang patas at pantay.



9. Makakaasa ang komunidad at mamamayang apektado ng krisis na ang mga organisasyong tutulong sa kanila ay epektibo, mahusay, at etikal na nakapamamahala ng mga rekurso.

Pamantayang Pangkalidad: Napapamahalaan at responsableng nagagamit ang mga rekurso para sa kanilang itinakdang layunin.



vii. Komitment, Aksyon at Tungkulin

1. Makakatanggap ng tulong na angkop sa kanilang pangangailangan ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis.

Pamantayang Pangkalidad: Angkop at mahalaga ang pagtugong humanitarian

Mga Susing Aksyon

- 1.1 Magsagawa ng sistematiko, obhetibo at tuloy-tuloy na pagsusuri ng konteksto at mga *stakeholder*.
- 1.2 Magdisenyo at magpatupad ng angkop na mga programa batay sa obhetibong pagtatasa ng mga pangangailangan⁶ at panganib, at sa pag-unawa ng kahinaan at kapasidad ng iba't ibang grupo⁷.
- 1.3 Ilangkop ang mga programa sa nagbabagong pangangailangan, kapasidad at konteksto.

Mga Organisasyonal na Tungkulin

- 1.4 Ang mga polisiya ay nakatuon sa pagbibigay ng walang- kinikilingang tulong na nakabatay sa mga pangangailangan at kapasidad ng komunidad at mamamayang apektado ng krisis.
- 1.5 Ang mga polisiya ay nagsasaad ng mga komitment na nagsasaalang-alang sa pagkakaiba-iba ng mga komunidad, kabilang ang mga mahihirap o naaaping mamamayan, at upang mangalap ng iba't ibang datos.
- 1.6 Ang mga proseso ay nakaayos upang matiyak ang angkop at patuloy na pagsusuri ng konteksto.

⁶Kasama sa mga "Pangangailangan" ang mga tulong at proteksyon.

⁷Maaring tumutukoy ito, halimbawa, sa mga kababaihan, kalalakhian, batang lalaki at babae, kabataan, nakatatanda, maging ang mga taong may kapansanan at mga ispesipik na minoritya o grupong etniko na labas sa mga nabanggit.



2. May akses sa napapanahong makataong tulong ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis.

Pamantayang Pangkalidad: Ang pagtugong humanitarian ay epektibo at napapanahon.

Mga Susing Aksyon

- 2.1 Magdisenyo ng mga programang nakakatugon sa mga limitasyon upang makabuo ng makatotohanan at ligtas na mungkahing aksyon para sa mga komunidad.
- 2.2 Magbigay ng napapanahong pagtugong humanitarian, magdesisyon at kumilos nang walang di-kailangang antala.
- 2.3 Isangguni sa mga organisasyong may sapat na teknikal na kasanayan at mandato ang pangangailangang hindi natugunan, o ikampanya na matugunan ang mga pangangailangang iyon.
- 2.4 Gumamit ng napapanahong teknikal na pamantayan at mahusay na praktika mula sa humanitarian sector upang maplano at matasa ang mga programa.
- 2.5 Subaybayan ang mga gawain, output at resulta ng mga pagtugong humanitarian upang maiangkop ang mga programa at mapagbuti ang paggampan.

Mga Organisasyonal na Tungkulin

- 2.6 Nakabatay sa kapasidad ng organisasyon ang mga komitment ng programa.
- 2.7 Tinitiyak ng mga komitment ng polisiya na,
 - a. sistamatiko, obhetibo at tuloy-tuloy ang pagsubaybay at pagtatasa ng mga gawain at mga epekto nito;
 - b. ginagamit ang mga patunay mula sa pagmonitor at pagtatasa upang paunlarin ang mga programa; at
 - k. napapanahon ang mga pagpapasya sa wastong pamamahala ng mga rekurso.



3. Hindi negatibong maapektuhan at mas handa, mas matatag at mas hindi nanganganib ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis dahil sa mga aksyong humanitarian.

Pamantayang Pangkalidad: Pinalalakas ng mga pagtugong humanitarian ang lokal na kapasidad at naiiwasan ang mga negatibong epekto.

Mga Susing Aksyon

- 3.1 Tiyaking ang mga programa ay nakapagpapaunlad ng lokal na kapasidad at nakapagpapatatag sa mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis.
- 3.2 Gamitin ang alinmang umiiral na *community hazard at risk assessment* at preparedness plan sa pagbalangkas ng mga gawain.
- 3.3 Paunlarin ang kakayahan ng mga lokal na pamunuan at mga organisasyon sa kanilang kapasidad bilang unang tumutugon sa magaganap na mga krisis sa hinaharap, gumagawa ng mga hakbang upang tiyakin na may kumakatawan sa mga mahihirap at naaaping grupo.
- 3.4 Magplano ng mga estratehiya sa transisyon o pag-alis sa maagang mga yugto ng programang humanitarian na nagtitiyak ng pangmatagalang positibong epekto at ng pagbawas sa panganib ng pagiging palaasa.
- 3.5 Magdisenyo at magpatupad ng mga programang nagtataguyod ng maagap na pagbangon mula sa mga sakuna at nakapagpapaangat ng lokal na ekonomiya.
- 3.6 Tukuyin at tugunan ang mga potensyal at aktwal na di-inaasahang epekto sa pamamagitan ng napapanahon at sistematikong paraan, kasama ang mga erya ng:
 - a. kaligtasan, seguridad, dignidad at karapatan ng mga mamamayan,
 - b. pagsasamantalang sekswal at pang-aabuso ng staff;
 - k. kultura, kasarian, at sosyal at politikal na mga ugnayan;
 - d. kabuhayan;
 - e. ang lokal na ekonomiya; at
 - g. ang kalikasan.



Mga Organisasyonal na Tungkulin

- 3.7** Polisiya, stratehiya, at gabay ay dinisenyo para:
- a. maiwasan ang mga programang may negatibong epekto, tulad ng, pagsasamantala, abuso o diskriminasyon ng mga staff laban sa komunidad at mamamayang apektado ng krisis; at
 - b. mapatatag ang lokal na kakayahan.
- 3.8** May nakapwestong sistemang pangangalagaan ang anumang personal na impormasyong natipon mula sa komunidad at mamamayang apektado ng krisis na maaaring maglagay sa kanila sa panganib



4. Alam ng komunidad at mamamayang apektado ng krisis ang kanilang mga karapatan at dapat tinatamasa, may akses sa impormasyon at nakakalahok sa pagdidesisyon sa mga bagay na may kinalaman sa kanila.

Pamantayang Pangkalidad: Nakabatay ang pagtugong humanitarian sa komunikasyon, pakikilahok at *feedback*.

Mga Susing Aksyon

- 4.1 Magbigay ng impormasyon sa mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis hinggil sa organisasyon, sa mga prinsipyong sinusunod nito, pamantayang etikal ng *staff* nito, mga programang ipinatutupad at mga tulong na handang ibigay nito.
- 4.2 Makipagtalastasan gamit ang mga wika, *format* at *media* na madaling maunawaan, gumagalang at angkop sa kultura ng iba't ibang kasapi ng komunidad, lalo't higit sa mga bulnerable at naaaping grupo.
- 4.3 Tiyaking ang representasyon ay masaklaw, nakakalahok ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis sa lahat ng yugto ng gawain.
- 4.4 Hikayating magbigay ng *feedback* ang komunidad at mamamayang apektado ng krisis hinggil sa antas ng kasiyahan nila sa kalidad at bisa ng tulong na kanilang tinanggap, na nagbibigay ng partikular na atensyon sa kasarian, edad at pagkakaiba-iba ng mga nagbibigay ng *feedback*.

Mga Organisasyonal na Tungkulin

- 4.5 Nakalatag ang mga polisiya hinggil sa pagbabahagi ng impormasyon at nagtataguyod ng kultura ng bukas na komunikasyon.
- 4.6 Nakalatag ang mga polisiya sa pagpapalahok sa mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis na sumasalamin sa mga prayoridad at panganib na natukoy nila sa lahat ng yugto ng gawain.
- 4.7 Tapat, etikal at magalang, ang mga eksternal na ugnayan, kasama ang ginagawang *fundraising*, na nagpapakita sa komunidad at mamamayang apektado ng krisis bilang mga taong may dignidad.



5. May akses sa ligtas at kagyat na mekanismo ng pagpoproseso ng reklamo ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis.

Pamantayang Pangkalidad: Tinatatanggap at inaaksyunan ang mga reklamo.

Mga Susing Aksyon

- 5.1 Sumangguni sa mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis hinggil sa disenyo, implementasyon at pagmonitor ng proseso ng pagresolba ng mga reklamo.
- 5.2 Bukas na tumanggap ng mga reklamo at ipabatid kung papaano maaakses ang mga mekanismong tutugon sa mga ito, kasama ang saklaw ng mga usaping maari nitong tugunan.
- 5.3 Pangasiwaan ang mga reklamo sa napapanahon, patas at angkop na pamamaraan habang isinasaalang-alang ang kaligtasan ng mga nagireklamo at ng mga apektado sa lahat ng yugto.

Mga Organisasyonal na Tungkulin

- 5.4 Nakalatag at naisasadokumento ang mga proseso sa pagtugon sa mga reklamo para sa mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis. Dapat saklawin ng proseso ang pagbubuo ng programa, mga pagsasamantala at pang-aabusong sekswal at iba pang pang-aabuso ng kapangyarihan.
- 5.5 Nakatag ang isang kulturang pang-organisasyon na seryosong tinatanggap at inaaksonan ang mga reklamo sang-ayon sa tiyak na mga polisiya at proseso sa loob ng organisasyon.
- 5.6 Ganap na alam ng komunidad at mamamayang apektado ng krisis ang inaasahang gawi ng humanitarian *staff*, kasama ang nailatag na komitment ng organisasyon laban sa pagsasamantalang sekswal at pang-aabuso.
- 5.7 Isinasangguni sa ibang grupong nararapat ang mga reklamong hindi saklaw ng organisasyon sa paraang naayon sa mahusay na praktika.



6. Nakatatanggap ng koordinado at magkakatugmang tulong ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis.

Pamantayang Pangkalidad: Koordinado at magkakatugma ang mga pagtugong humanitarian.

Mga Susing Aksyon

- 6.1 Tukuyin ang mga papel, tungkulin, kapasidad at interes ng iba't ibang *stakeholders*.⁸
- 6.2 Tiyaking sinusugan ng pagtugong humanitarian ang tugon ng mga pambansa at lokal na awtoridad⁹ maging ng iba pang mga organisasyong humanitarian.
- 6.3 Makilahok sa mahahalagang *coordination bodies* at makipagtulungan sa iba pa upang maibsan ang mga pangangailangan ng mga komunidad at upang mapalawak ang saklaw at serbisyo ng pangkalahatang pagsisikap sa humanitarian.
- 6.4 Magbahagi ng kinakailangang impormasyon sa mga *partners*, *coordination groups* at iba pang mahahalagang aktor sa pamamagitan ng angkop na linyang pangkomunikasyon.

Mga Organisasyonal na Tungkulin

- 6.5 Kabilang sa mga polisiya at estratehiya ang isang malinaw na komitment sa koordinasyon at kolaborasyon sa iba, kasama ang mga pambansa at lokal na awtoridad, nang hindi nakukompromiso ang mga prinsipyong humanitarian.
- 6.6 Pinangingibabawan ang pakikipag-ugnayan sa mga *partners* ng malinaw at konsistent na kasunduang gumagalang sa mandato, obligasyon at kalayaan, at kinikilala ang mga limitasyon at komitment ng bawat isa.

⁸ Pinalalahok ang mga lokal na *actors*, organisasyong humanitarian, lokal na awtoridad, pribadong kompanya at iba pang mahahalagang grupo.

⁹ Kung ang mga awtoridad ay bahagi ng tinutugunang krisis, dapat gamitin ng mga *humanitarian actors* ang kanilang paghuhusga kaugnay ng mga aksyong nagsasarili, na isinasaalang-alang bilang sentro ng kanilang mga desisyon ang interes ng komunidad at mamamayang apektado ng krisis.



7. Makakaasang makakatanggap ng napaghusay na tulong ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis habang ang mga organisasyon ay natututo mula sa kanilang karanasan at repleksyon.

Pamantayang Pangkalidad: Patuloy na natututo at umuunlad ang mga nagbibigay ng pagtugong humanitarian.

Mga Susing Aksyon

- 7.1 Humalaw ng mga aral mula sa naunang karanasan kapag nagdidisenyo ng programa.
- 7.2 Matuto, magpaunlad at magpatupad ng mga pagbabago ayon sa pagsubaybay at pagtatasa, *feedback* at mga reklamo.
- 7.3 Magbahagi ng mga aral at inobasyon sa loob ng organisasyon, sa mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis at sa iba pang *stakeholders*.

Mga Organisasyonal na Tungkulin

- 7.4 May mga nakalatag na polisiya sa pagtatasa at pagkatuto, at mayroong mga pamamaraan upang matuto mula sa mga karanasan at mapahusay ang mga praktika.
- 7.5 Umiiral ang mga mekanismo sa pagtatala ng kaalaman at karanasan, at may akses ang buong organisasyon sa mga ito.
- 7.6 Nag-aambag ang organisasyon sa pagkatuto at inobasyon sa pagtugong humanitarian sa pagitan ng mga magkakaibigan at sa loob ng sektor.



8. Tatanggap ng kailangang tulong ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis mula sa mahuhusay at maayos na napangangasiwaang mga *staff* at *volunteer*.

Pamantayang Pangkalidad: Sinsuportahan ang *staff*¹⁰ upang epektibong magampanan nila ang kanilang gawain, at sila’y tinatrato nang patas at pantay-pantay.

Mga Susing Aksyon

- 8.1 Gumagampan ang *staff* ayon sa mandato at prinsipyo ng organisasyon at sa mga napagkasunduang layunin at pamantayan sa paggampan.
- 8.2 Tumatalima ang *staff* sa polisiyang mahalaga sa kanila at nauunawaan ang epekto ng hindi nila pagsunod sa mga ito.
- 8.3 Nagpapaunlad at gumagamit ang *staff* ng kinakailangang personal, teknikal at pangpangangasiwang kahusayan o *competencies* upang matupad ang kanilang gawain at nauunawaan nila kung papaano sila susuportahan ng organisasyon para makamit ito.

Mga Organisasyonal na Tungkulin

- 8.4 May kakayahan at kapasidad ang pamunuan at *staff* ng organisasyon na maipatupad ang mga programa.
- 8.5 Ang mga polisiya at proseso para sa *staff* ay patas, malinaw, walang- kinikilingan at sumusunod sa lokal na batas sa empleyo.
- 8.6 Nakalatag ang mga *job description*, *work objective* at *feedback process*, upang magkaroon ang *staff* ng malinaw na pag-unawa sa kung ano ang inaasahan sa kanila.
- 8.7 Nakalatag ang isang *code of conduct* na nagtitiyak, sa minimo, ng tungkulin ng *staff* na hindi pagsasamantalahan, aabusuhin o *i-discriminate* ang mga mamamayan.
- 8.8 Nakalatag ang mga polisiya na sumusuporta sa pagpapapaunlad ng mga kasanayan at kahusayan ng *staff*.
- 8.9 Nakalatag ang mga polisiya para sa seguridad at kapakanan ng *staff*.

¹⁰ Ang *staff* ay: mga tinakdang kumakatawan sa organisasyon; kabilang ang nasyonal, internasyonal, permanente, o kontraktwal na *staff*, pati ang mga nagbo-boluntaryo at nagko-konsulta



9. Makakaasa ang mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis na ang mga organisasyong tutulong sa kanila ay mahusay, epektibo at etikal na nakapamamahala ng mga rekurso.

Pamantayang Pangkalidad: Napamamahalaan at responsableng nagagamit ang mga rekurso para sa kanilang itinakdang layunin.

Mga Susing Aksyon

- 9.1 Magdisenyo ng mga programa at magpatupad ng mga prosesong nagtitiyak ng mahusay na paggamit ng rekurso¹¹, nang nababalanse ang kalidad, halaga at kakagyatan sa lahat ng yugto ng pagtugon.
- 9.2 Mapamahalaan at magamit ang mga rekurso upang makamit ang layunin nang walang nasasayang.
- 9.3 Masubaybayan at maiulat ang paggastos batay sa *budget*.
- 9.4 Isaalang-alang ang impak sa kalikasan tuwing gumagamit ng lokal at natural na rekurso.
- 9.5 Mapamahalaan ang risiko ng korapsyon at tumugon nang naayon kung ito’y matukoy.

Mga Organisasyonal na Tungkulin

- 9.6 Nakalatag ang mga polisiya at prosesong sumasaklaw sa paggamit at pamamahala ng mga rekurso, kasama kung papaanong ang organisasyon ay:
 - a. etikal at legal na tumatanggap at nangangasiwa ng pondo at mga material na regalo;
 - b. gumagamit ng rekurso nito nang may pagpapahalaga sa kalikasan;
 - k. pinipigilan at tinutuligsa ang kurapsyon, pandaraya, tunggalian ng interes at maling paggamit ng rekurso;
 - d. malinaw na nagsasagawa ng pagsusuri, pinatutunayan kung nakakasunod sa mga polisiya at nag-uulat nang malinaw at matapat.
 - e. patuloy na nagtatasa, namamahala at nagpapababa ng panganib; at,
 - g. tinitiyak na hindi nakukompromiso ang pagsasarili nito sa pagtanggap ng mga rekurso.

¹¹ Ang salitang “resources” ay dapat intindihin sa mas malawak na konteksto, sakop ang mga pangangailangan ng organisasyon para magampanan ang kanyang tungkulin, kabilang ang: pondo, kagamitan, oras, lawak ng lugar, lupa, tupig, hangin, likas na produkto, at ang kapaligiran.

viii. Glosaryo

Para sa layunin ng BMP, ang mga sumusunod na depenisyon ang ginagamit:

Pananagutan: Proseso ng responsableng paggamit ng kapangyarihan na isinasaalang-alang at pinapanagot ng iba't ibang *stakeholder*, lalo't higit ang mga maapektuhan ng paggamit ng nasabing kapangyarihan.

Mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis: kabuuan ng kababaihan, kalalakhian, batang lalaki at babaeng may iba't ibang pangangailangan, bulnerabilidad at kapasidad na apektado ng mga kalamidad, labanan, kahirapan o iba pang krisis sa isang tiyak na lugar.

Dokumento: alinmang tala ng mga talakayan, kasunduan, desisyon at/o aksyong maaaring ilathala.

Bisa: lawak ng kung hanggang saan ang isang pantulong na aktibidad ay nakamit ang mga layunin nito.

Husay: lawak ng kung hanggang saan ang mga bunga ng programang humanitarian, sa parehong kalitatibo at kantitatibong sukatan, ay naabot bilang resulta ng mga pagsisikap.

Engagement: mga proseso na ang mga organisasyon ay nakikipag-ugnayan, nagkukonsultahan at/o nagbibigay ng lugar para sa partisipasyon ng mga interesado at/o apektadong *stakeholder*, na tinitiyak na isinasaalang-alang ang kanilang mga alalahanin, kagustuhan, hinahangad, pangangailangan, karapatan at oportunidad sa pagbubuo, pagpapatupad at pagbalik-tanaw ng mga programang tumutulong sa kanila.

Aksyong Humanitarian: aksyong isinasagawa sa layuning magligtas ng mga buhay, maibsan ang pagdurusa at mapanatili ang dignidad ng mga mamamayan habang at pagkatapos ng mga natural at di-natural na krisis, maging ang mga aksyon sa pag-iwas at paghahanda para sa mga ito.

Organisasyon: isang entidad na nagtataglay ng estruktura ng pamamahala at kapangyarihan para makapagpatupad ng BPH.

Partners: mga organisasyong nagsasama-samang gumagawa sa ilalim ng isang pormal na kasunduan upang makamit ang isang tiyak na layunin na may malinaw at napagkasunduang mga papel at tungkulin.

Polisiya: nakatalang paghahayag ng layunin at alituntunin sa pagpapasya.

Proteksyon: lahat ng gawaing nakatuon sa pagtitiyak ng buo at pantay na paggalang sa mga karapatan ng lahat ng indibidwal, nang walang pagtatangi sa edad, kasarian, etnisidad, relihiyon o iba pang *background*. Lumalampas ito sa kagyat na gawain sa pagliligtas ng buhay na siyang madalas na binibigyang pansin sa panahon ng kagilipitan o *emergency*.

Kalidad: ang kabuuan ng mga bahagi at katangian ng makataong pagtulong na sumusuporta sa kanyang kakayahang tugunan, sa napapanahon, ang natukoy at nahinuhang mga pangangailangan at inaasahan, at gumagalang sa dignidad ng mamamayang tinutulungan.

Katatagan: ang kakayahan ng komunidad o lipunang nasa panganib na labanan, harapin, at makabangon mula sa mga epekto ng sakuna sa isang napapanahon at mahusay na paraan.

Staff: sinumang kinatawan ng isang organisasyon, kabilang ang mga pambansa, internasyonal, at permanente o kontraktuwal na mga kawani, maging ang mga *volunteer* at *consultant*.

Inilalatag ng **Batayang Pamantayang Humanitarian sa Kalidad at Pananagutan** (BPH) ang Siyam na Komitment na magagamit ng mga organisasyon at indibidwal na kabahagi sa mga pagtugong humanitarian sa pagpapaunlad ng kalidad at kahusayan ng tulong na kanilang ibinibigay. Napapadaloy din nito ang higit na pananagutan sa mga komunidad at mamamayang apektado ng krisis: ang mabatid ang komitment ng mga organisasyon ay nakakatutulong sa mga komunidad na matukoy ang pananagutan ng mga organisasyong ito. Bilang batayang pamantayan, ang BPH ay naglalarawan ng mga elemento ng aksyong humanitarian na may prinsipyo, may pananagutan, at may mataas na kalidad.

Maaari itong gamitin ng mga organisasyong humanitarian bilang *voluntary code* na ipapatupad kaalinsabay ng kanilang sariling mga internal na prosedyur. Maaari rin itong gamitin bilang batayan ng pagtatasa ng *performance*. Ang BPH ay bunga ng isang 12-buwan, tatlong yugtong konsultasyong isinagawa ng *HAP International, People in Aid at Sphere project*, kung saan ang nilalaman ng BPH ay masusing sinuri at sinubok ng ilang daang mga indibidwal at organisasyon sa *headquarters at field levels*.



www.corehumanitarianstandard.org | info@corehumanitarianstandard.org

ISBN: 978-2-8399-1564-9